

Mahal na Komunidad,

Maligayang pagdating sa 2025. Mayroon tayong isang kapana-panabik na taon sa hinaharap! Noong Enero 10, inilabas ni Gobernador Newsom ang iminungkahing badyet ng estado para sa susunod na taon ng pananalapi, na magsisimula sa Hulyo 1, 2025. Walang mga pagbabawas sa mga pangunahing programa at walang mga bagong buwis sa iminungkahing badyet. Para sa Kagawaran, kasama sa badyet ang \$3.193 bilyong dolyar na pagtaas mula sa badyet ngayong taon, sa kabuuang \$19 bilyon. Ang \$3.04 bilyon ng bagong pondong ito ay para sa unang dalawang pamumuhunan sa ibaba:

- Reporma sa rate. Kasama sa iminungkahing badyet ang isang buong 12 buwang gastos para sa reporma sa rate, na ganap na ipinatupad ilang linggo lang ang nakalipas noong Enero 1, 2025. Kinukumpleto at ipinagpapatuloy nito ang isang maramihang-taon (multi-year), maramihang-bilyong dolyar na pamumuhunan sa mga tagapagbigay ng serbisyo (service provider) at kanilang mga manggagawa. Ang Departamento ay patuloy na nakikipagtulungan sa mga tagapagbigay ng serbisyo at mga sentrong pangrehiyon upang suriin at ayusin ang mga modelo ng rate, upang mapanatili at palawakin ang aming network ng tagapagkaloob at manggagawa, at sa gayon ay mapanatili ang access sa mga serbisyo at suporta para sa mga indibidwal at pamilya.
- Pagdagdag ng caseload (dami ng kaso). Ipinagmamalaki namin ang mga pagsisikap ng California na palakasin ang paggamit ng mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa mga bata. Ang pakikilahok sa Early Start Program (Programang Maagang Simula) ay halos lumampas sa mga inaasahang dami bago mag-COVID-19. Ang aming pagtataya sa karaniwan na bilang ng mga tao na sinusupportahan ng mga sentrong pangrehiyon bawat buwan sa panahon ng taon ng pananalapi na magsisimula sa Hulyo 1, 2025 ay higit sa 500,000 katao. Ito ay isang bagong rekord. Inaasahan naming magdagdag ng halos 40,000 katao sa caseload (dami ng kaso) sa susunod na taon. Ito ay katumbas ng pagdaragdag ng isa pang malaking sentrong pangrehiyon sa isang taon. Tingnan ang [trend ng caseload dito](#).
- Mga operasyon ng sentrong pangrehiyon. Ang ikatlong pangunahing pamumuhunan ay ang pondohan ang suporta sa sentrong pangrehiyon para sa isa pang 40,000 indibidwal sa susunod na taon. Ang iminungkahing badyet ay kinabibilangan lamang ng mahigit \$150 milyon para sa higit pang mga tagapangasiwa ng serbisyo (service coordinator) at iba pang empleyado.

Ang aming [mga dokumento](#) sa badyet ay nagdedetalye ng ilang iba pang maliliit na pagsasaayos para sa mga bagong batas na magkakabisa sa lalong madaling panahon, patuloy na pagpapanatili ng mga lugar ng Sentro ng Pag-unlad ng Fairview at Sonoma (Developmental Center), at mga tauhan sa mga pasilidad na pinapatakbo ng estado. Inaasahan namin ang paparating na pagsusuri sa pambatasan ng mga panukalang badyet na ito.

Maraming iba pang bagay na magpapanatiling abala sa ating lahat sa 2025. Mayroon kaming mga pundasyonal na gawain na dapat gawin, tulad ng pagpapalit sa aming tumatandang pamamahala ng kaso at mga sistema ng pananalapi. Ang mga ito ay tinatawag na San Diego Information System (SANDIS) at ang Uniform Fiscal System (UFS), ayon sa pagkakabanggit. Ang kapalit sa kanila ay tinatawag na “LOIS”—ang Life Outcomes Improvement System. Bilang karagdagan sa pagpapaalala sa amin araw-araw kung ano ang layunin ng sistema, nagbibigay-pugay ang “LOIS” kay Lois Curtis, isa sa mga taong nagdemanda at nanalo sa desisyon ng korte *ng Olmstead* ng Korte Suprema ng Estados Unidos. Itinatag ng desisyon ng *Olmstead*

ang karapatan ng bawat indibidwal na manirahan sa pinakamababang paghihigpit na kapaligiran na naaangkop upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Kapag ganap na idinisenyo at ipinatupad, ang LOIS ay magbibigay sa mga indibidwal at pamilya ng direktang access sa kanilang impormasyon, paparating na mga iskedyul, at komunikasyon sa kanilang mga sentrong pangrehiyon. Magbibigay ito ng katulad na mga sariling-serbisyo na pamamaraan (self-service functions) para sa mga tagapagbigay ng serbisyo (service provider). Ang mga sentrong pangrehiyon at ang Departamento ay magkakaroon ng modernong sistema upang suportahan ang mga indibidwal, pamilya at mga tagapagbigay ng serbisyo na may automation (pagiging awtomatiko) ng mga nakagawiang gawain, mas mahusay na kakayahan sa pag-uulat, at higit pang mga pagpapatakbo na kasalukuyang manu-manong pag-aayos o nag-iiba ayon sa sentrong pangrehiyon. Ang maramihang-taon na pagsisikap na ito ay magsasangkot ng malawak na suhestiyon (input) ng komunidad, at inaasahan naming magbahagi ng higit pang mga detalye sa kalaunan ngayong 2025.

Sa 2025, magpapatuloy ang gawain sa mga sumusunod na mga inisyatiba, at marami sa mga ito ang tumutugon sa mga tema na umuusbong mula sa pagbuo ng [Pangunahing Plano sa mga Serbisyo sa Pag-unlad \(Master Plan for Developmental Services\)](#):

- Paggawa ng pamantayan (standardizing) ng pagsangguni (referral), paggamit, at proseso ng pagtatasa. Ang pagkakaparepareho, pagiging simple, at karaniwang mga kahulugan ng punto ng milyahe (milestone) sa prosesong ito ay mahalaga. Magbibigay-daan ito sa amin na malaman kung gaano kahusay ang suporta sa mga tao, at kung gaano napapanahon at pantay ang suportang ito.
- Paggawa ng pamantayan (standardize) sa proseso ng bendorisasyon (vendorization) na ginagamit upang aprubahan ang mga bagong tagapagbigay ng serbisyo (service provider). Magbibigay ito ng higit pang buong-estadong pagkakapareho at pagkakaayon sa mga gawi ng mga sentrong pangrehiyon.
- Pagpapalawak sa Direktoryo ng Tagapagbigay (Provider), ang unang imbentaryo sa buong estado ng lahat ng mga tagapagbigay ng serbisyo (service provider), kung ano ang kanilang inaalok, at ang kanilang mga kapasidad. Ang mga hinaharap na yugto ay mangongolekta ng higit pang impormasyon at magbibigay ng batayan kung saan magaganap ang bendorisasyon (sa itaas). Sa kalaunan ay magkakaroon din ng pampublikong pananaw, upang matulungan ang mga indibidwal at pamilya na makahanap ng mga magagamit na tagapagbigay ng serbisyo (service provider) at malaman ang tungkol sa kanila.
- Paggawa ng pamantayan ng mga kasangkapan (tool) sa pagtatasa para sa pahinga, personal na tulong, at mga serbisyo sa pang-araw na pangangalaga (day care). Ito rin ay dapat na mas parepareho at mas simple para sa mga indibidwal, pamilya, at mga sentrong pangrehiyon.
- Pagtukoy sa mga heneriko (generic) na serbisyo at serbisyo na karaniwang makukuha mula sa mga sentrong pangrehiyon. Dapat mayroong pareparehong impormasyon sa buong estado tungkol sa kung ano ang kinakailangan bago i-access ang mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon, at kung ano ang mga serbisyonang iyon.
- Pagpapabuti ng pangongolekta at transparensiya ng datos. Ang pagpapatupad ng karaniwang datos ng demograpiko sa buong estado ay magsisimula sa Enero 2025. Nakikipagtulungan kami sa komunidad upang matutunan kung anong impormasyon ang dapat na mayroon kami tungkol sa pabahay, makatarungan (equity), trabaho, at iba pang mga paksa. Dapat makita ng mga tao ang kanilang sarili sa datos. At ang datos ay

dapat gamitin upang makagawa ng ganap na kaalamang mga desisyon tungkol sa mga suporta at serbisyo.

Magkakaroon din ng trabaho sa iba pang mahahalagang paksa:

- Darating ang pamumuhunan ng mga manggagawa sa kalaunan ng 2025. Magkakaroon ng mga bilingguwal na sahod (bilingual stipends) para sa mga direktang pansuportang propesyonal (direct support professionals o mga DSP), at isang Unibersidad ng DSP (DSP University) na may kurikulum sa pagsasanay (training curriculum) na humahantong sa mas mataas na sahod.
- Ang Pangunahing Plano para sa mga Serbisyo sa Pag-unlad (Master Plan for Developmental Services), na binanggit sa itaas at inaasahang pagkatapos ng pulong ng Komite sa Marso 2025, ay inaasahang magsasama ng mga rekomendasyon para sa pinabuting pamamahala at pangangasiwa ng mga sentrong pangrehiyon. Ang Komite, ang mga grupo ng manggagawa na ito, at ang publiko ay gumawa ng maraming trabaho sa paglalarawan kung ano ang gustong makita ng komunidad sa hinaharap ng California para sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad.
- Ang isang karaniwang pakete ng impormasyon tungkol sa mga programa ng Lanterman Act ay halos kumpleto na. Ito ay sasali sa isang umiiral nang pakete ng impormasyontungkol sa programa sa Maagang Simula, [dito](#) sa website ng Department.
- Ang aming [Plano sa Pag-akses sa Wika \(Language Access Plan\)](#) ay nangangailangan ng mga dokumentong mahalaga para sa publiko na maisalin sa maraming wika. May karapatan kang tumanggap ng impormasyon sa iyong gustong wika.
- At siyempre, walang listahan na kumpleto. Kung hindi mo nakikita ang iyong paksa ng interes sa liham na ito, okay lang. Tanungin lang kami tungkol dito, sa info@dds.ca.gov.

Walang sinuman ang makakagawa ng bagay na ito nang mag-isa. Ang tagumpay ng bawat pagsisikap ay nangangailangan ng isang komunidad na nagsasama-sama, nag-aambag ng marami at magkakaibang mga boses at karanasan, at tunay na pakikinig sa isa't isa. Kinakailangan ang pagkolekta ng datos at impormasyon, pagsubok ng mga bagay at pagtanggap ng kabiguan bago natin maitama ang mga ito, at pagkatapos ay magpatuloy. Gayunpaman, hindi ito tungkol sa "tagumpay ng pagsisikap"—sa halip, ang tagumpay ay natutukoy kung ang bawat pagsisikap ay may positibong epekto sa buhay ng mga indibidwal at pamilya. Lagi nating dapat isaisip ang resultang iyon.

Mga pagpapahalaga. Maraming dapat ipagpasalamat. Ang suporta ay nasa paligid natin para sa mahalagang gawaing dapat gawin. Mahalaga ang ginagawa natin, at mahalaga na gawin natin ito ng maayos. Ang paggawa ng mga bagay nang maayos ay nangangailangan ng pagtutulungan nating lahat upang hubugin ang mga kinalabasan upang maging ang pinakamahusay na magagawa nila, at pagkatapos ay pag-aaral at paggawa ng higit pang trabaho upang gawing mas mahusay ang mga resultang iyon para sa mga taga-California.

May pasasalamat at sa ngalan ng pakikipagtulungan,

-Pete

Direktor